

Paghuugas ng Gusali at Daanan

Ang *Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego* ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga negosyo para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang Stormwater Best Management Practices (BMP) o mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala ng Stormwater.

! Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, alulod, at mga kanal sa Lalawigan ng San Diego ay HINDI PA NALINIS bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at makapasok sa mga kalsada o kanal. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa kalsada at mga kanal.

Pagpaplano

- ☐ Tukuyin kung ang mga mapanganib na basura ay magmumula sa langis o grasa sa daanan, paghuugas gamit ang asido, mga tapyas ng pintura na may lead (tingga), atbp.
- ☐ Kuhanin ang lahat ng mga kinakailangang permit at pahintulot. Kumuha ng pahintulot mula sa may-ari ng pag-aari bago magtapon ng maruming tubig sa lugar.

Pag-setup

- ☐ Humanap ng bahagi sa lugar na pinagtatrabahuan kung saan maaaring madaling ipunin ang maruming tubig at tukuyin kung saan maaaring itapon ang maruming tubig. Kailangang ipunin at kunin ng mga sub-contractor ang tubig na panlinis.
- ☐ Tukuyin kung saan nakalagay ang mga kanal sa mismong o malapit sa pag-aari.
- ☐ Pansamantalang proteksyunan ang mga inlet ng kanal sa mismong o malapit sa lugar na pinagtatrabahuan.
- ☐ Tiyakin na mayroon ka ng kinakailangang kagamitan para mapanatili at/o makolekta ang maruming tubig sa lugar na pinagtatrabahuan tulad ng mga berm, nabibitbit na lugar na ipunan, takip ng kanal, lalagyang tangke, hose o vacuum pump.
- ☐ Gumamit ng mga hindi nakakalason at hindi masyadong mapanganib na mga alternatibo sa sabon, pang-alis ng grasa, o iba pang panlinis na solusyon.

mas madami pang tip >>>

maaari nating
**pangalagaan ang
ating mga daanan
ng tubig**

sa kaunting
hakbang lang.



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/dpw/watersheds.html para sa WPO.

Paghuugas ng Gusali at Daanan

Paghuugas

- ❑ Walisin, kolektahin, at itapon ang lahat ng mga maliliit na piraso ng basura na nasa lupa bago ang basang paglilinis.
- ❑ Gumamit ng mga sumisipsip na materyal tulad ng kitty litter para linisin ang mga may bahid ng langis; itapon ang anumang sumisipsip na materyal ayon sa mga naaangkop na batas at regulasyon.
- ❑ Kolektahin at ipunin ang lahat ng mga tubig panlinis na umaagos para sa treatment, paggamit-muli, o maayos na pagtatapon ayon sa mga naaangkop na batas at regulasyon.

MGA ESPESYAL NA KONDISYON

Ang mga tubig na marumi mula sa paglilinis ng mga makina, drive train, eroplano, landing gear, tren, gasolinahan, o anumang uri ng paghuugas gamit ang asido **ay kailangan laging** itapon bilang mapanganib na basura.

Kung naghuugas gamit ang mainit at malakas na tubig (power washing) ng ibabaw na pinintahan bago mag 1978, maaaring may lead ang pintura. Responsibilidad ninyo na tukuyin kung ang pintura ay may lead bago alisin ang pintura. Kung may matanggal na mga tapyas ng pintura na may lead habang naglilinis, magkakaroon ng espesyal na pangangailangan sa pagtapon ang maruming tubig. Kontakin ang Lalawigan San Diego sa (858) 694-2888, at hilingin na makausap ang Industrial Hygienist, para sa mga pangangailangan sa pag-alis at pagtapon ng pinturang may lead.

Ang mga maruming tubig na hindi naglalaman ng anuman sa mga nabanggit na nagpaparumi ay maaaring itapon sa pangkalinisang imburnal nang may paunang pahintulot mula sa ahensya ng imburnal, sa isang lugar na natatagusan ng tubig (dumi, nilandscape) na kayang panatilihin ang lahat ng tubig, o kolektahin at panatilihin ang tubig para i-recycle o itapon offsite.

- ⚠️ Ang pagpapakawala ng mga dumi nang direkta o di-direkta sa loob ng sistema ng storm drain o daanan ng tubig ay isang paglabag sa Watershed Protection Ordinance (WPO) o Ordinansa sa Pangangalaga ng Watershed ng Lalawigan. **Obligadong sumunod ang negosyo ninyo sa WPO at sa mga sumusunod na pinakasimpleng BMP.**

salamat sa pagggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/dpw/watersheds.html para sa WPO.